PANALANGIN NG

# Pagpapapagaling

BATAY SA

## Isaias 58:12

*Muli ninyong itatayo ang kutang gumuho,*

*at itatatag ito sa dating pundasyon.*

*Makikilala kayo bilang tagapagtayo*
*ng mga nawasak na pader,*

*mga tagapagtatag ng bagong pamayanan.*



**Rev. Dr. Troy Carr**
*Ordained Elder in PNWC*
*GCORR Staff Member*
*Washington D.C. Area*

***Mahabaging Diyos. buong pagpapakumbaba at pasasalamat na kami ay dumudulog sa iyo.***

Patawarin mo kami sa aming mga pagkukulang, sa salita, gawa at isip na lumikha ng lamat sa aming kasanayan at katauhan. Kami ay nagpapasalamat na ika'y nagpahayag bilang Jehovah Rapha sa mga henerasyon upang magpanumbalik at magpagaling.

Tulungan nyo po kami na taos puso at tunay na buksan ang aming mga puso upang maging instrumento ng kagalingan at kaayusan. Huwag nyong hayaan na ang aming pagdarasal o ang pag iwas dito ay magpatuloy upang maging kapakipakinabang lamang sa aming mga sarili bagkus bigyan kami ng karunungan at lakas na manatiling matatag, nagtitiwala s aiyo habang kami ay nakikibahagi sa sagradong layunin ng katarungang panlahi o Racial Justice. Ipakita sa amin kung paano kalasin ang Sistema nang pang-aapi na may katapatan at habag. Ang mga ninunong Ghanese ay nagpapaalala sa amin na ang pagbabalik at pagpapanumbalik ng mahahahalagang disiplina ay Mabuti. Panatilihin kami na patuloy na manalangin habang inihahanda namin ang aming sarili upang maayos ang kasiraan.

Papuri at Amen.



**Rev. Dr. Connie Mella, Th.D**
***Union Theological Seminary***
*Pilipinas*

## *Diyos ng buhay, kagalingan at kabuuan.*

Dumudulog kami sa trono ng iyong biyaya, nagsusumamo ng iyong kahabagan. Kami ay wasak at pira-piraso. Sa aming pagkabalisa bigyan kami ng kaginhawaan.
Sa aming pighati, damayan mo kami.
Sa aming kahinaan, palakasin mo kami.
Pagalingin ang aming mga sugat ng iyong mapagmahal na haplos.

Ikaw ang aming dakilang manggagamot. Ikaw ang aming sandigan. Sa iyo kami ay nagtitiwala. Sa iyo, kami ay may katiyakan ng iyong awa at biyaya. Ibalik ang aming kalusugan, panumbalikin ang aming lakas, payapain ang aming isipan. Tulungan kaming maging payapa at mabatid ikaw ang Diyos. Amen.



**Keren Rodriguez**
***Aloha United Methodist Church***
*Oregon Idaho Conference of the UMC*

***Diyos ng lahat ng lahi, ng lahat ng kulay, minsan pa nasumpungan ko ang aking sarili sa iyong piling, muling humihiling na ako ay pakinggan.***

Sa gitna ng mga pasakit, gabayan nawa ako. Hindi ko alam paano mag patuloy upang matagpuan ang kagalingan.

Tulungan mo akong masumpungan ang pagmamahal sa iyong dibdib bilang ina. Gabayan mo akong sumunod, tulungan mo akong maging matapang na masumpungan ang kagalingan.

Tulungan mong ang sakit na nadarama ay hind imaging poot kundi pangunawa. Batid ko na ang iyong pag-ibig ang gumagabay sa aking landas.

Tulungan mo akong maging matapang sa pagtahak sa daan, maging aking gabay, aking kapayapaan, aking ugat dito sa mundo upang ako ay lumago sa kabila ng mga pasakit.

Tulungan mo akong lumago, hindi katulad nang dati. Maging kung sino ako ayon sa iyong kagustuhan, para sa iyong kapurihan, para sa akin, para sa iba.

Salamat na ikaw ay aking matapat na kaagapay, salamat sa pagmamahal mo katulad ng Ina sa kanyang mga anak.

Amen.

*(Isinumite din sa Espanyol)*



**Rev. Debbie Hills**
***Chairperson,***
***Disability Ministries***
***Committee of the UMC***
*West Springfield*

***Mahabagin at mapagmahal na Jehovah Rapha, ikaw ang dakilang manggagamot; ang siyang makakapag panumbalik ng lahat ng bagay.***

Ipinadala mo si Hesus upang ituro sa amin na ang kagalingan ay hindi lamang posible ngunit sya ang dapat naming asahan kahit na ito ay tila imposible.

Napakaraming kasamaan dulot ng kawalang hustisya sa lahi o racial injustice sa aming bansa ngayon. Lingid man sa aming kaalaman, ngunit madalas kami ay kiabahagi ng problema.

Tulungan mo kaming makita kung kami ay nagkasala sa iyo at sa aming kapwa sa pamamagitan ng walang pasubaling pagkiling, pagtangi, sa hindi pagsasalita kahit nararapat, sa hindi pagkilos kahit kinakailangan. Usigin mo kami sa aming mga kasalanan at akayin tungo sa pagbabago ng pag-iisip, pagbabago ng pagkatao, pagbabago ng gawain.

Kung ako lamang sa aking sarili, hindi ko alam kung saan magsisimula subalit kailangang magsimula. Gabayan ang aking isipan, ang aking salita, ang aking pagkilos kapag nakikita ko ang kawalang hustisya. Bigyan ako ng lakas upang manindigan sa gitna ng pagkasira upang makamit ang kagalingan na hinahangad.

Bigyan ako ng pang-unawa upang maging kasangkapan ng iyong banal na kagalingan. Hindi ko ito magagawa sa aking sarili lamang ngunit sa tulong ng kapangyarihan ng banal na Espiritu magagawa mong bago, maisasaayos mo ang lahat ng bagay.

Panginoon, nananalangin kami para sa kagalingan. Ang iyong banal na kalooban ang syang mangyari dito sa aming bansa at sa buong mundo. Itinataas naming ang lahat ng papuri, kaluwalhatian at buong pagpapasalamat sa iyo sa pamamagitan ng iyong anak na si Hesus.

Amen.



**Rev. Matt Landry**
***Senior Pastor***
***of Castleton UMC***
***South Bend, Indiana***

*Maraming sipi mula kay Rev. Dr. Martin Luther King ang ginamit sa panalanging ito.*

## *Ikaw ay Diyos na naghahangad ng kagalingan at kabuuan para sa bawat tao, ngunit alam namin ang aming mga dibisyon at kawalan ng ng hustisyang kinakaharap ngayon.*

Napakaraming dibisyon na dapat pangalanan ngayon, O Diyos, habang hinahati namin ang aming mga sarili sa pamamagitan ng pagsasama ng boto, paniniwala, pananampalataya at lahi. Kami ay naglalagay ng mga hadlang sa pagitan namin na naghihiwalay at nagbubukod. Pagalingin mo kami sa aming mga dibisyon, tulungan mo kaming makita tulad ng ginawa ng iyong lingcod na si Dr. King na “ang pag-ibig ang tanging puwersa na may kakayahang gawing kaibigan ang kaaway”.

Gibain ang mga pader ng dibisyon, O Diyos, at pagalingin mo ang iyong bayan.

Napakaraming kawalan ng hustisya ang dapat pangalanan ngayon, O Diyos batid namin na di lahat ay may pantay na pagkakataon na makakain ng tatlong beses sa bawat araw; edukasyon at kultura na linagin ang kanilang kaisipan at dignidad, pagkapantay-pantay at kalayaan para sa kanilang Espiritu.

Pagalingin mo kami sa kawalan ng hustisyang ito, tulungan mo kaming makita tulad ng ginawa ng iyong tagapagtanggol na si Dr. King, na ang kawalan ng hustisya saan man ay banta sa hustisya sa lahat ng dako at magkaroon kami ng lakas ng loob na maniwala sa makapagpagaling na kapangyarihan ng katarungan.

Diyos ng katarungan, pagalingin mo ang iyong bayan.

Napakaraming karahasan ang dapat pangalan ngayon, O Diyos, dahil madalas naming marinig ang mga pamamaril sa lansangan, mga pamilyang nagdadalamhati sa mga mahal sa buhay at sa mga kaibigan, at mga usap-usapang digmaan sa ibayong dagat sa Europa. Pagalingin mo kami sa karahasang ito, kasama si Dr. King, tulungan kaming “tumangging tanggapin ang pananaw na ang sangkatauhan ay kalunos-lunos na nakagapos sa walang kislap na mga bituin sa madilim na hating gabi ng rasismo at digmaan na ang maliwanag na pagsikat ng araw ng kapayapaan at kapatiran ay hindi kailanman magiging katotohanan”. Tulungan kaming maging bayan ng kapayapaan, walang karahasan, at puno ng pag-ibig upang ang iyong pagpapagaling ay dumating sa aming mga lansangan, sa aming bansa at sa aming mundo.

Diyos ng kapayapaan, pagalingin mo ang iyong bayan.

Napakaraming pag atake sa aming Sistema ng edukasyon, O Diyos habang naririnig namin ang mga batas na magpapatingkad ng pagkabigo at takot sa mga guro at magulang, gya ng sinabi ni Dr. King, “ang tungkulin ng edukasyon ay turuan ang mga taong mag-isip nang masidhi at mag-isip ng kritikal”. Pagalingin  mo ang aming mga paaralan, Panginoon, pagalingin mo ang iyong bayan.

Napakaraming nahalal na pinuno na hindi naghangad ng pagkapantay-pantay para sa lahat, na hindi gumagamit ng mga pondo upang suportahan ang mga komunidad at bigyang tahanan ang mga walang tahanan, suportahan ang mga nangangailangan at mga komunidad na nahihirapan. Ngunit alam naming, gaya ng ipinangaral ni Dr. King na “ang kapangyarihan na walang pag-ibig ay walang ingat at mapang-abuso at ang pag-ibig na walang kapangyarihan ay walang saysay. Ang kapangyarihan ay napakahusay kung ang pag-ibig ay nagpapatupad ng katarungan at ang katarungan ay napakahusay kung may kapangyarihan itong manindigan laban sa lahat ng bagay na sumasagka sa pag-ibig. Magkaroon nawa ng kagalingan sa aming pamahalaan, sa lehislatura at sa lahat ng nakaluklok sa  kapangyarihan.

Diyos naming lahat, pagalingin mo ang iyong bayan.

Diyos na gumiba na mga hadlang, Diyos ng katarungan, Diyos ng kapayapaan, Diyos ng pag-ibig, Diyos naming lahat, pagalingin mo ang iyong bayan, kami ay nagsusumamo.

Amen.



**Rev. Cassy Nunez**
***Lead Pastor at***
***Salem-Baltimore UMC***
*Baltimore, Maryland*

## *Diyos na aming Magulang,*

Sa panahong ito na ako ay nasa yugto ng pagninilay at pagdarasal, Banal na Espiritu, ipakita at ipaunawa Mo sa akin ang mga mali kong pananaw at saloobin. Hayaan Mong makita ko kung paanong sa iba't ibang paraan ay naging kabahagi ako sa pang-aapi sa iba. Ipakita Mo sa akin kung paano sa iba't ibang paraan ay iba ang aking ginagawa sa aking ipinapahayag. At higit sa lahat, ipakita Mo sa akin kung minahal ko ang ibang mga bagay subalit hindi ang aking kapwa. Lunasan Mo ang aking pagbubulagbulagan.
Habang naririnig ko ang banal na kasulatan ni Isaias mula sa mga labi ni Hesus, nawa'y kilalanin ko ang aking tungkulin bilang alagad ni Kristo, upang maging kabahagi ng Kanyang misyon at yakapin ito nang lubos. Upang kung saan man ako at kung ano ang aking pinapanindigan, nananatili akong tapat sa Iyo, kahit ito'y mahirap para sa akin. Ako ay nakikiisa sa iba bilang kabahagi ng katawan ni Kristo sa mundo na nagpapahayag ng pagpapala ng Panginoon sa lahat. Amen.



**Bethany Amey Sutton**
*Direktor ng Mga Operasyon - Arch Street UMC & The Center- Philadelphia*
*Mt. Ephraim, New Jersey*

***Diyos na banal at manunubos, sa araw na ito, idinadalangin ko ang iyong nakakapagpagaling na haplos sa aming buhay.***

Kami ay mga wasak at nangangailangan na sa Iyong mga kamay ay muling mabuo. Ipakita sa amin ang Iyong awa at pawiin Mo ang lahat naming mga takot, pangamba at pagkabalisa. Kami ay Iyong patatagin upang kami ay patuloy na magpunyagi sa paghahangad na manaig ang katarungan at awa sa Iyong sinasakupan. Patuloy na samahan ako sa aking paglalakbay habang patuloy kong sinisikap na matupad ang Iyong pangakong pag-asa sa bawat araw. Kaya naming tiisin ang anumang bagay nang magkakasama dahil batid naming Ikaw ang tanging makakapagpagaling at muling magbubuo sa aming mga kaluluwa.

Sa pangalan ng Diyos na makapangyarihan at manunubos.

Amen.